


タガログ語

Minami-ku  
Gabay sa  
Pamumuhay





# Mga Nilalaman

## 1 Alamin ang Lugar ng Minami-ku

Anong uri ng lugar ang Minami-ku? . . . . .	3
Apat na Panahon sa Minami-ku . . . . .	5
Okasyon at Pagdiriwang . . . . .	7
Mga Pasyalan . . . . .	9
Masasarap na Pasalubong . . . . .	11

## 2 Pagpaparehistro sa Munisipyo ng Minami-ku

Paano Gamitin ang Booklet . . . . .	14
Pagpaparehistro ng Residente / My Number . . . . .	15
Medical Insurance / Pensyon . . . . .	18
Buwis . . . . .	21
Panganganak / Pagpapalaki ng Bata . . . . .	23

## 3 Pamumuhay sa Minami-ku

Tirahan . . . . .	27
Patakaran / Tamang Paraan sa Pagbibisikleta . . . . .	29
Basura . . . . .	31
Pista Opisyal / Okasyon / Kultura sa Japan . . . . .	34
Magkaisa sa Magandang Pamumuhay . . . . .	37
Nursery / Edukasyon . . . . .	39
Bangko . . . . .	41
Sakit / Nasaktan . . . . .	42
Kalamidad / Emergency . . . . .	43
Konsultasyon para sa mga Dayuhan . . . . .	47
Listahan ng mga Pangunahing Pasilidad . . . . .	51



Ang nilalaman ng booklet 「Gabay sa Pamumuhay」 ay ipinaliwanag sa iba't-ibang wika. Makipag-ugnayan sa Minami lounge, pahina 47.


# 1 Alamin ang Lugar ng Minami-ku









# Anong uri ng lugar ang Minami-ku?

Lungsod ng Yokohama

Ang Lungsod ng Yokohama ay may 18 Distrito ("ku" sa wikang Hapon)!



Populasyon	195,225 tao (panglabing-isa sa 18 distrito ng Yokohama – ulat ng Oktubre 1, 2018)
Dayuhang residente	9,654 tao (pangatlo sa 18 distrito ng Yokohama – ulat ng Marso 31, 2018)
Proporsyon ng mga dayuhan	4.85% (pangalawa sa 18 distrito ng Yokohama – ulat ng Marso 31, 2018)
Lawak	12.63 km <sup>2</sup> (panglabim-pito sa 18 distrito ng Yokohama – ulat ng Oktubre 1, 2018)
Densidad ng populasyon	15,547 tao/km <sup>2</sup> (una sa 18 distrito ng Yokohama – ulat ng Oktubre 1, 2018)
Karaniwang edad	47.4 taong gulang (pang-lima sa 18 distrito ng Yokohama – ulat ng Setyembre 30, 2018)
Bulaklak ng distrito	Cherry Blossom (Sakura) 
Marka / Logo	 
Karakter 	Pangalan 「Minacchi」 Paglalarawan Isang diwata na may talulot ng Sakura at kaaya-ayang puso  sa gitna. Ang “maskot” ay pinili ng mga residente ng Minami-ku na simbolo ng bukas na paanyaya para sa lahat.
Transportasyon	 <p><b>Keikyu Main Line</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Kamioka (上大岡)</li> <li>Gumyouji (弘明寺)</li> <li>Idogaya (井土ヶ谷)</li> <li>Minamioota (南太田)</li> <li>Koganecho (黄金町)</li> <li>Hinodecho (日ノ出町)</li> <li>Tobe (戸部)</li> <li>Yokohama (横浜)</li> </ul> <p><b>Yokohama Subway Train (Blue line)</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Maita (蒔田)</li> <li>Yoshinocho (吉野町)</li> <li>Bandoubashi (阪東橋)</li> <li>Isezakichojamachi (伊勢佐木長者町)</li> <li>Kannai (関内)</li> <li>Sakuragicho (桜木町)</li> <li>Takashimacho (高島町)</li> </ul>



# Apat na Panahon sa Minami-ku

Marso ~ Mayo  
Panahon ng Tagsibol

春



Pasyalan ng Ooka River



Ang parke ng Maita ay siksikan pag Pista ng Minami-ku

夏

Hunyo ~ Agosto  
Panahon ng Tag-init



Bon-odori sa Pista ng Tag-init!  
Tradisyunal na pagsasayaw ng paikot sa "Yagura".



Setyembre ~ Nobyembre  
Panahon ng Taglagas

秋



Pista ng Tandang na Manok (Torinoichi)



Taglamig na! Halina't magpainit sa panonood ng iluminasyon 🎵

Disyembre ~ Pebrero  
Panahon ng Taglamig



Mga ginawang ilaw para sa Iluminasyon

# Okasyon at Pagdiriwang



Lamparang Papel  
"Bonbori"

Marso ~ Abril      Pista ng Cherry Blossom  
"Minami-ku Sakura Matsuri"

Isang pagdiriwang ng mga mamamayan sa panahon ng tagsibol. Ang sakura sa Ooka River ay pinaganda ng pagpapailaw ng mga lampara. Maraming tao ang dumarayo dito taon-taon.



"Edōrō"  
Parol na may larawan

Hulyo      Pista ng Minami-ku "Minami Matsuri"

Sa dalawang araw na pagdiriwang ay may pagtatanghal, eksibisyon, basar at tindahan ng mga produkto galing sa lugar na tinamaan ng sakuna. Ang liwanag ng "Edōrō" na iba't-iba ang sukat ay makulay sa gabi ng tag-init. Sa pagtatapos ng pista ay may "Bon-odori" (sayaw).



Altar "Mikoshi"

Setyembre      Pista ng Taglagas  
"Hiejinja Reitaisai-Osannomiya Aki Matsuri"

Isang napakagandang prusisyon ng maliit na "mikoshi" mula sa templo papunta sa Isezaki Mall. Nangunguna ang "mikoshi" ng Jinja sa buong Yokohama. Ang pista ay napili ring isa sa 「Nangungunang 50 Pista ng Kanagawa」.



Oktubre      "Iki-iki Fureai NanNan Day"  
Ang pagdiriwang ay tungkol sa kahalagahan ng kalusugan at isang magandang karanasan para sa lahat. Idinaraos ito sa kooperasyon ng iba't-ibang organisasyon ng komunidad.





## Oktubre ~ Nobyembre Pista ng Kultura “Minami no Bunka Sai”

Pagdiriwang tungkol sa kultura sa panahon ng taglagas. May pagtatanghal ng kanta, sayaw, sining, pagpipinta, at iba pa. Maraming tao ang pumupunta dito taon-taon.



## Nobyembre Pista para sa Lahat “Minna no 「Wa-tsu !」 Fesuta”

May mga aktibidad ng iba’t-ibang organisasyon, workshops, “Japanese speech” ng mga dayuhan, pagsuot ng tradisyunal na damit at pagtikim ng inumin/pagkain ng iba’t-ibang bansa. Ito ay idinaraos sa Minami Lounge.



## Nobyembre Araw ng Tandang na Manok “Tori no Ichi”

Ipinagdiriwang sa “Owashi Shrine”. May mga ipinagbibiling rake “kumade” na pinaniniwalaang nagbibigay ng swerte at kasaganaan sa negosyo. Ang lugar na ito ay dinarayo ng maraming tao.



## Disyembre Iluminasyon “Hikari no Puromunedo”

Ang Ooka river ay napakagandang tanawin sa panahon ng taglamig. May iluminasyon, konsyerto sa tabing-ilog, pagsisindi ng kandila sa gabi, at marami pang iba.

# Mga Pasyalan

## Pasyalan sa Ooka River

Ang “Sakura” sa gilid ng Ooka river ay 3.5 km ang haba. May 500 na puno sa Minami-ku (nasa 700 kasama ang mga puno sa Naka-ku) na karamihan ay “Somei Yoshino”, subali’t may mga “Shidare” at “Jindai Akebono” rin. Tuwing tagsibol na namumulaklak ang sakura, ang “bonbori” ay pina-iilaw at ang lugar ay puno ng sigla at pagdiriwang. Malinaw ring makikita ang mga ibon at isda dahil sa magandang kalidad ng tubig.

■Subway 「Gumyouji station • Maita station • Yoshinocho station • Bandoubashi station」

Keikyu line 「Idogaya station • Minami Ota station • Koganecho station」

- ilang minutong lakad mula sa mga istasyon.



## Teatro ng Miyoshi

Kilala sa pagtatanghal ng mga tanyag na drama at may higit 90 taong kasaysayan na mula nang itinatag ng (taong 1930). Pag may pagtatanghal, ang harap ng teatro ay puno ng mga tagahanga na kumukuha ng litrato sa mga aktor.

■10-minutong lakad mula sa Subway 「Bandoubashi Station」





## Pamilihan ng Yokohamabashi

Ang “Yokohamabashi” ay nasa 350m ang haba na may 130 tindahan at arcade. Ito ay naging “pamilihang bayan” at magandang pasyalan ng naglalakad lamang. Maliban sa mga lokal na residente, dinarayo rin ito ng mga taga-ibang lugar.

■2-minutong lakad mula sa Subway 「Bandoubashi Station」



## Gumyouji at Pamilihan ng Yokohama Gumyouji

Gumyouji ang pinakalumang templo sa Yokohama na ginawa sa unang panahon ng Heian (794~1185 taon). Ang istatwa ng Kannon na may 11-mukha ay mahalagang kulturang pag-aari ng Japan. Ang Gumyouji ay naging maunlad na pamilihan at tanyag sa Silangang Asya. Ito ay dinarayo ng mga tao upang mamili at bumisita sa templo.

Gumyouji ■ 2-minutong lakad mula sa Keikyu Line 「Gumyouji Station」

o 5-minutong lakad mula sa Subway 「Gumyouji Station」

Pamilihan ng Gumyouji ■ malapit lang sa Subway 「Gumyouji Station」

o 3-minutong lakad mula sa Keikyu line 「Gumyouji Station」



# Masasarap na Pasalubong

Ang “Minamiyage” ay mga paboritong produkto ng Minami-ku na napili sa paligsahan ng mga masasarap na pasalubong. Alin sa mga ito ang gusto at pipiliin mo?

## OMOYA

Ang amanattou (sweet beans) ay ginagawa araw-araw kaya laging sariwa at malambot. Siguradong masisiyahan sa pitong klase ng lasa na maaring pagpilian. Ang presyo ay base sa timbang at maganda ring pangregalo.

■ 3 - 7 Yoshinocho ■ 045 - 251 - 5134

■ 10:00~19:00 ■ Sarado ng Linggo

■ 1-minutong lakad mula sa Subway

“Yoshinocho Station”



Amanattou

¥550 (kasama ang buwis) /  
200g

## UMEBACHIRYUU MAMII

Ang takoyaki ay malutong sa labas at malambot sa loob. May orihinal na lasa at abot-kayang presyo. Tamang-tama para sa pamamasyal habang naglalakad.

■ 323 Gumyoujicho ■ 045 - 721 - 8957

■ 11:00~20:30 [maaring magsara agad pag naubos]

■ Sarado ng Lunes, Martes

■ Maiksing lakad mula sa Keikyuu Line

“Gumyouji Station”



Takoyaki

¥300 (kasama ang buwis)  
/ 1 kahon – 6 piraso

## SEIKOUDOU SOUHONPO

Kilala sa buong Kanagawa. Ang balat ng Kannon Monaka ay may nakaguhit na Kannon ng Templo ng Gumyouji.

May dalawang uri : “Ogura-an” at “Yuzuan”

■ 02 - 3 - 1 Ooka ■ 045 - 731 - 3395

■ 9:30~19:00 ■ Sarado ng Miyerkules (bukas ng bagong taon, pista opisyal)

■ Maiksing lakad mula sa Subway “Gumyouji Station”



Kannon Monaka

¥160 (kasama ang buwis) / 1 piraso





## FRENCH CONFECTIONERY FLORENTIN

Makrema, malambot at sagana sa tsokolate ang layer ng sponge cake na Paindo Opera. Ang bakery ay dinarayo rin ng mga tumatangkilik nito para makabili ng matamis at masarap na produkto.

■ 3 - 72 - 5 Mutsukawa ■ 0120 - 742 - 618

■ 9:30~20:30 ■ Sarado ng Lunes (Kinabukasan kung ito ay pista opisyal)

■ 2-minutong lakad mula sa Kanagawa "Ooike" Bus



Paindo Opera  
¥420 (kasama ang buwis)/1 piraso

## MIYOSHINO

60 taon ng tanyag sa paggawa ng Karinto Manjuu na simple ang lasa at may katamtamang tamis. Tumawag para sa reserbasyon at ihahanda nila ang Karinto Manjuu.

■ Minamiota 1 - 34 - 9 ■ 045 - 731 - 1183

■ 9:00~18:00 ■ Bukas ng buong taon

■ 3-minutong lakad mula sa Keikyu Line  
"Minamioota Station"



Karinto Manjuu  
¥103 (kasama ang buwis) / 1 piraso

## MARUJUU HAYAKAWA BAKERY

Ang malambot na tinapay ay may maanghang na "mentaiko". Ito ay orihinal na "home made", walang preserbatibo at pangkulay. Ang "chocolate cornet" ay isa rin sa mga kilalang produkto!

■ Takanecho 1-4 ■ 045-231-5477

■ 10:00~19:00 ■ Sarado ng Linggo

■ 4-minutong lakad mula sa Subway "Bandoubashi Station"




Mentaiko Soft France  
¥180 (kasama ang buwis) / 1 piraso

## 2 Pagpaparehistro sa Munisipyo ng Minami-ku


Ang mga sulat na galing sa munisipyo ay importante at kinakailangang basahin.

Sa mga hindi nakababasa ng wikang hapon, komunsulta sa “Minami Lounge”, pahina 47.





# Paano gamitin ang booklet



Para sa iba pang impormasyon na nais malaman, dalhin ang booklet at ipakita sa information desk ng munisipyo “kuyakusho”. Makinig habang ito ay ipinapaliwanag. Kung hindi marunong ng wikang Hapon, pumunta sa araw at oras na may interpreter para matulongan! (walang bayad)

## ★Araw na may libreng Interpreter sa Munisipyo ng Minami-ku★ Ingles

Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
9:00~12:00 Bukas ang resepsyon hanggang 11:45				9:00~12:00 Bukas ang resepsyon hanggang 11:45
13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45				13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45

## Intsik

Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45	13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45	13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45	13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45	13:00~17:00 Bukas ang resepsyon hanggang 16:45



# Pagpaparehistro ng Residente / My Number

## ■Kard ng Residente (Residence Card)

Ibinibigay sa mga dayuhan na maninirahan sa Japan ng medyo mahaba o mas mahabang panabon. Dalhin ito palagi tuwing lalabas.

Huwag sulatan ang “residence card”, ang ahensya ng gobyerno ang naglalagay ng impormasyon sa likod nito.



Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paninirahan sa Japan, tumawag sa 「Foreign Resident General Information Center」  
TEL 0570 - 01 - 3904 (iba't-ibang wika)

## ■Pagpaparehistro ng Residente

Ang dayuhan na lilipat ng tirahan o maninirahan ng mahabang panahon sa Japan ay kinakailangang magparehistro agad sa munisipyo bilang residente ng lugar.

## ■Kopya ng Sertipiko ng Residente (Juminhyo)

Nakasulat sa (juminhyo) ang pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan, at iba pang impormasyon ng residente at maaring makakuha ng kopya sa munisipyo. Ito ay maaaring kailanganin sa Kawanihan ng Imigrasyon, Kawanihan ng Embahada, at kompanya kung saan nagtatrabaho.




Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku  
Dibisyon - Rehistro ng Pamilya (2-F No.15)



Ang mga bagong rehistrong residente ay may matatanggap na (sulat o notice) ng mga sumusunod. Inatang mabuti dahil ito ay mga importanteng dokumento.

① Code ng Sertipiko ng Residente  
May nakasulat na 11 numero  
("Juuminhyo ko-do" ang tawag dito) na karaniwang ginagamit sa munisipyo.



② Papel na Card ng My Number  
Ang 12 numero ("kojin bango" o "mainamba—" ang tawag dito) ay ginagamit sa social insurance, buwis, at iba pa. Maaari din itong kailanganin sa trabaho, bangko, at iba pa.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku  
Dibisyon - Rehistro ng Pamilya (2-F No.15)

## ■Ano ang “My Number Card”?




Maaring mag-apply ng “My Number Card” na ito kung gusto lamang (hindi sapilitan). Ito ay maaring magamit (halimbawa) bilang kard ng pagkakakilanlan (ID), para sa rehistrasyon on-line, at pagkuha ng sertipiko “shoumeisho” sa convenience store na malapit sa tirahan o trabaho.

Ang kard ay matatangap galing sa city hall “shiyakusho” o munisipyo “kuyakusho” dalawang buwan pagkatapos ng aplikasyon.

My number card website:

<https://www.kojinbango-card.go.jp/index.html>



Para sa iba pang impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Rehistro ng Pamilya (2-F No.15)

☆Paalala/ Payo☆

Magpa-rehistro din sa post office na malapit sa tirahan para siguradong matanggap ang anumang sulat o padala.



# Medical Insurance / Pensyon



- 「Social Insurance “Shakai Hoken”」 at  
「National Insurance “Kokumin Hoken”」

Ito ang dalawang klase ng insurance sa Japan. Ang mga Hapon at dayuhan na nakatira sa Japan ay kinakailangang magkaroon ng isa sa alin mang insurance na ito.

- ① Social Insurance - para sa “full-time” na empleyado ng kompanya (kasama ang pamilya ng empleyado).
- ② National Insurance - para sa walang Social Insurance. Ang aplikasyon ay sa munisipyo at ang insurance card ay ipadadala sa tirahan.

Ipakita ang insurance card sa klinika o ospital tuwing magpapagamot. Ang babayaran ay 30% ng kabuuang gastos. Ang mga may edad na 70 o higit pa ay 20% ang babayaran (minsan ay 30%, depende sa kinikita)

Ang mga miyembro ay kinakailangang magbayad ng kaukulang “insurance fee”.



Para sa Iba pang Impormasyon

⇒ Social Insurance - Taong in-charge sa kompanya kung saan nagtatrabaho.

⇒ National Insurance - Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Insurance at Pensyon (2-F No.18)

## ■ Long-term Care Insurance (Kaigo hoken)

Ang sistemang ito ay suporta para sa matatanda na kailangan ng pangmatagalang pag-aalaga. Ang babayaran ay 10% ng kabuuang gastos (minsan ay 20%, depende sa kinikita).

Ang pagbabayad ng insurance na ito ay simula sa edad na 40.

Pagdating sa edad na 65, ay makatatanggap ng insurance card galing sa munisipyo.

※ kinakailangang magparehistro sa munisipyo bago ito magamit.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Insurance at Pensyon (2-F No.18)

## ■ Sistemang medikal para sa mga sobrang tanda na (Kōkikōreishairyōseido)

Ito ay para sa mga higit 75 ang edad. Ang babayaran ay 10% ng kabuuang gastos (30%, depende sa kinikita).

Ang mga higit 65 ang edad at may kapansanan ay maaari ng huminto sa national/social insurance at mag-apply ng “kōkikōreishairyōseido”. Sa sistemang medikal na ito ay maaring magbayad ng 10% lamang (depende sa kikinikita).



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Insurance at Pensyon (2-F No.19)





## ■Sistema ng Pampublikong Pensyon (Kōtekinenkinseido)

May mga problemang dumarating sa atin at pamilya natin (tulad ng pagtanda, kapansanan at pagpanaw). Ang mabigat na epekto nito ay maiwasan sa sistema ng pagbabayad ng insurance ng ※mas maaga (advance) upang makatangap ng benepisyo sa oras ng pangangailangan.

※Kung nahihirapang magbayad ng insurance, may sistema na maaaring libre o maliit lamang ang babayaran. Komunsulta sa Dibisyon ng Nasyonal Pensyon para sa iba pang detalye.

Kung nakatira sa Japan at may edad na 20~59.

- ①Ang mga empleyado ng kompanya o gobyerno at ang asawa ay kinakailangang kumuha ng 「pang-employadong pensyon "koseinenkin"」
- ②Maliban dito, ang iba ay kinakailangan kumuha ng 「nasyonal pensyon "kokumin nenkin"」



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Insurance at Pensyon – Nasyonal Pensyon (2-F No.20)

## ■Salaping Tulong sa Pagpapagamot (Iryōhijosei)

Ang mga sumusunod ay maaaring makatanggap ng tulong o maibalik ang lahat ng nagastos sa ospital. Komunsulta sa Dibisyon ng Insurance at Pensyon ng Munisipyo (2-F No.19)

- Mga batang ang edad ay 0 taon hanggang elementarya.
- May sertipikong medikal/rehab ng mabigat na kapansanan/karamdaman.
- Batang nag-iisa ang magulang.
- Nagbayad ng napakamahal sa pagpapaospital.



# Buwis



■ Lokal na buwis (Buwis na binabayaran para sa prefecture at lungsod kung saan nakatira tuwing Enero 1)

★ Buwis ng paninirahan (municipal tax • prefectural tax)

Ang binabayaranang buwis taon-taon ay iba-iba depende sa kinita at pamilya. Ito ay ginagamit para sa pampublikong serbisyo sa Kanagawa Prefecture at Lungsod ng Yokohama.

(Paalala: Ang mga nag-resign/huminto sa trabaho o uwi ng bansa ay kinakailangang magbayad ng buwis base sa kinita ng nakaraang taon .)

★ Buwis ng mga ari-arian • Buwis sa mga Proyektong Panglungsod  
Buwis na binabayaran ng may-ari ng lupa o gusali.



Iba pang buwis, tulad ng buwis sa maliliit na sasakyan “keijidousha”, buwis sa Yokohama Midori, buwis sa hot spring at iba pa.

★ Special Levy (Tokubetsu Choshu)

Isang paraan ng pagbabayad ng buwis. Ibinabawas sa buwanang sweldo ng empleyado at ang kompanya ang magbabayad ng buwis ng paninirahahan.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Buwis (3-F No.31~34)

Ang buwis ng paninirahan at buwis ng mga ari-arian ay maaaring bayaran sa bangko, post office, convenience store at internet!





■Pambansang Buwis (Buwis na binabayaran sa bansa)

★Buwis ng kinita o sweldo

Ang binabayaranang buwis ay iba-iba depende sa kinita sa nasabing taon at pamilya.

★Buwis para sa biniling pang-konsumo

Binabayaranang buwis (8% ng presyo) para sa mga biniling produkto at bawat serbisyo. Magiging (10% mula Oktubre 1, 2019).



May buwis din para sa alak, pamanang ari-arian, mamahaling regalo, at iba pa.

Para sa iba pang impormasyon,  
pumunta sa Tangapan ng  
Buwis!



☆Paalala/ Payo☆

Sa pamimili ng produkto, maaaring ang buwis ay  
“kasama na” o “hindi pa kasama” sa presyo.

# Panganganak / Pagpapalaki ng Bata



## ■Maternity Mark

Ito ay simbolo ng pagiging buntis 「may sanggol sa sinapupunan」 Kapag nakita ang mark na ito sa isang babae, ipaubaya ang upuan sa train o bus lalo na kung siksikan. Ang maternity mark ay makukuha sa munisipyo, tangapan ng train station at minsan ay nakaipit sa magasin.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya (2-F No.25)

## ■Handbook ng Kalusugan ng Ina at Sanggol (Boshikenkōtechō)

Kapag ang pagbubuntis ay napatunayan, pumunta sa munisipyo (dibisyon ng suporta sa bata at pamilya) at kumuha ng “Handbook”. Ito ang talaan ng kalagayan ng pagbubuntis, kalusugan ng ina, paglaki ng sanggol at bakuna.

May anim na wika (Ingles, Intsik, Hangur, Espanyol, Portuguese at Vietnamese).

Dalhin ang handbook para sa discount o murang check-up ng pagbubuntis.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya (2-F No.25)



■ Impormasyon sa pagpapalaki ng bata / Impormasyong Medikal

Sa Munisipyo ng Minami-ku, “Dibisyon ng Suporta sa bata at pamilya” ay may libreng guide book tungkol sa pagpapalaki ng bata.



Website para sa mga dayuhan –  
gabay para sa pagpapalaki ng bata  
(Kanagawa International Exchange  
Foundation)  
<http://www.kifjp.org/child>



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya (2-F No.25)

■ Pagsusuri sa Kalusugan ng Sanggol at Bata (Susuriin kung lumalaking malusog o hindi at kung may nararamdaman. Walang bayad.)

Ang libreng pagsusuri sa kalusugan ng bata (edad 4 na buwan, 1 taon 6 na buwan at 3 taon) ay ginagawa sa munisipyo upang mamonitor ang paglaki ng sanggol at magbigay ng suporta sa tamang pagpapalaki ng bata.

Kapag natanggap ang abiso (notice), siguraduhing pumunta upang magpasuri. May araw na may interpreter kung may mga alalahanin na nais ikonsulta.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya (2-F No.25)

■ Konsultasyon para sa Ngipin ng mga Bata (ang konsultasyon ay kailangan ng reserbasyon, walang bayad.)

Ang mga bata (hangang elementarya) at mga ina (bago at matapos manganak) ay maaring magpakonsulta sa dentista.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya (2-F No.25)



## ■ Allowance para sa Bata

Salaping matatanggap para sa pagpapalaki ng bata hanggang matapos ng junior high school na nakatira sa Japan. Kailangang mag-apply sa munisipyo upang makatanggap.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya (2-F No.25)

## ■ Bakuna

May iniksyon para maiwasang magkasakit ang mga bata. Walang bayad pag nasa tamang edad (subali't ang lugar kung saan magpapa-iniksyon ay pili lamang).

### ★ Mga Kailangan para sa libreng bakuna

- Report ng bakuna – Ito ay ipadadala ng Yokohama sa tirahan kapag ang bata ay nasa tamang edad na para bakunahan. Kung hindi natanggap dahil lumipat ng tirahan o iba pang dahilan, makipag-ugnayan sa munisipyo.
- Handbook ng Kalusugan ng Ina at Sanggol (para malaman ang rekord ng bakuna)
- Medical Insurance Card (magpapatunay ng edad at tirahan ng bata)



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Pangkalahatang Kalusugan at Kapakanan –

Tagapamahala ng Kalusugan (4-F No.41)



### 3 Pamumuhay sa Minami-ku



# Tirahan

■Magkano ang kinakailangang halaga (salapi) kapag umupa ng bahay?

## ★Deposito (Shikikin)

Ito ay ginagamit sa pagpapaayos ng nasirang bahagi ng bahay na inupahan sa oras ng pag-alis. Ibabalik kapag may natirang pera. Ang karaniwang halaga ay 1~2 buwang upa.

## ★Key Money (Reikin)

Ibinabayad sa may-ari ng uupahan bilang pasasalamat. Ang karaniwang halaga ay 1~2 buwang upa.

## ★Maintenance Fee (Kanrihi)

Kasama sa buwanang upa para sa paglilinis o pag-aayos ng common space ng mga umuupa. Ang halaga ay depende sa uupahan.

## ★Upa (Yachin)

Ang karaniwang unang bayad ay 2 buwang upa.

## ★Komisyon ng Real Estate (Chukai Tesuryo)

Ibinabayad sa ahente ng real estate. Ang karaniwang halaga ay kalahati ~ 1 buwang upa.



■Ang popular o madalas na 「kondisyon ng bahay」 sa Japan.

「Malapit sa istasyon ng tren “ekichika”」, 「bagong gusali “chikuasa”」, hiwalay ang kubeta at paliguan, 「naaarawang mabuti “minamimuki”」, mura ang upa, dryer sa paliguan, may bidet ang kubeta, CCTV, malaking closet at iba pa.

■Kapag desidido na sa paglipat...

Umpisahan (o tapusin) ang aplikasyon sa kompanya ng tubig, gas at kuryente. Ang proseso ay maaaring sa telepono o internet.



Para sa konsultasyon tungkol sa paghahanap ng tirahan, tingnan sa pahina 50 Support Center♪



## ■Mga Regulasyon na Dapat Tandaan sa Paninirahan sa Japan

Huwag lakasan ang boses at mag-ingay

→Ang distansiya ng mga bahay ay malalapit kaya madaling marinig ang malakas na tunog at ingay. Huwag masyadong malakas kung makikinig ng musika.



Huwag magpatira ng ibang tao sa inuupahan ng walang permiso.

→Minsan ay nakasulat ito sa kontrata na ipinagbabawal. Makipag-usap sa may-ari ng bahay.



Huwag maglagay ng mga bagay sa pasilyo ng inuupahan.

→Ang pasilyo ay masikip, mahirap dumaan pag may dalang malaking bagay, baby stroller, wheelchair o naka baston.




Huwag tuklapin ang wallpaper, magpako at magpinta sa inuupahan.

→Maaring magbayad ng malaking halaga para maibalik sa dating anyo.



Ibilad ang “futon” at buksan ang mga bintana paminsan-minsan para mahanginan ang kuwarto.

→Ang humidity sa Japan ay mataas kaya madaling magkaamag.



Bawal ang mag-alaga ng hayop ng walang permiso.

→Minsan ay nakasulat ito sa kontrata na ipinagbabawal. Makipag-usap sa may-ari ng bahay.



Sa Japan ay naghuhubad ng sapatos bago pumasok ng bahay.

→Ang hinubad na sapatos ay inilalagay sa entrance hall ng maayos.



# Tamang paraa

## Patakaran / Tamang Paraan sa Pagbibisikleta



Huwag magbisikleta kung nakainom ng alak.



Bawal ang mag-angkas.

Kung magsasakay ng bata, kailangang ikabit ang "child seat" at gumamit ng "helmet."



Habang nakasakay sa bisikleta ay bawal ang magpayong • gumamit ng smart phone • makinig ng musika • makipag-usap • maglaro ng game at iba pa.



Ilagay sa tamang paradahan ang bisikleta. (Maaaring kumpiskahin ang bisikletang nasa kalsada/bangketa. May bayad pag ito ay kukunin o babawiin na.)



Magbisikleta sa gawing kaliwa ng kalsada. Bawal magbisikleta ng magkahilera at magkadikit.



Sa Japan ay hindi karaniwang pinipindot ang bell ng bisikleta.  
 (pindutin lamang kapag talagang kinakailangan at may panganib na)  
 Mag-ingat sa pagbibisikleta kung may naglalakad.



Gamitin ang ilaw pag madilim.



Siguraduhing may “bicycle insurance” pag nagbibisikleta



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Istasyon ng Pulis ng Minami-Dibisyon ng Trapiko o sa Munisipyo ng Minami-ku-Dibisyon ng Pangrehiyong Pagpapaunlad (6-F No. 62)



Sa munisipyo ay may pamhplet sa wikang Ingles at Intsik!



Ilagay sa malinaw na plastic.



## ■Paraan sa Paghihiwalay / Pagtatapon ng Basura

「Mictionary (ミクシヨナリー)」 ※Ingles at Intsik

Maaaring tingnan sa Internet ang paraan sa paghihiwalay ng basura

<http://cgi.city.yokohama.lg.jp/shigen/bunbetsu/>



<p>Basurang nasusunog</p>	<p>Basurang hindi nasusunog</p>	<p>Baterya</p>
<p>Maliliit na metal</p>	<p>Plastik na lalagyan at pakete o pambalot</p>	<p>Lumang papel / lumang tela</p>
<p>Malalaking basura</p>	<p>Spray na nakalata</p>	<p>Lata / bote / plastik na bote</p>

May bayad ang pagtatapon ng malalaking basura.  
 Kailangan itawag bago itapon.  
 Nakasulat sa pamphlet kung paano itapon.  
 (nasa susunod na pahina kung paano mag-download)



Bawal maglagay ng basura sa daan o bakanteng lote, bundok, gubat at iba pa.



Depende sa lugar na tinitirahan, ang pinaglalagyan at pagkuha ng basura ay iba-iba. Ilagay sa tamang lugar.



Huwag ilabas ang basura sa hatinggabi o ang klase ng basura na hindi ayon sa nakatakdang araw.



Sumunod sa patakaran ng Lungsod ng Yokohama. Hindi kukunin ang basura kung hindi susunod sa patakaran.

Ang detalyeng patakaran ng Lungsod ng Yokohama ay mababasa sa pamphlet na nakasalin sa iba't-ibang wika. I-download dito (Yokohama City Resources and Waste Recycling Bureau HP)

<https://www.city.yokohama.lg.jp/kurashi/sumai-kurashi/gomi-recycle/ongen/pamphlet/wakedashi.html>



Mas maiintindihan kung panonoorin ang video! (pahina ng YouTube)





Ano ang 「hindi nasusunog na basura」 ?  
metal na bagay?


salamin, fluorescent lamp, bombilya, pinggan (hindi gawa sa plastik)!  
Ihiwalay ang metal depende sa laki 「maliliit na metal」 o 「malalaking basura」



Gaano kalaki ang 「maliliit na metal」 ?

**Maliit sa 30cm !**  
Subali't ang **metal frame ng payong** na mahigit 30cm ay maaring isama.  
Ang mahigit 30cm ay kasama na sa 「malalaking basura」 ♪



 Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku (Dibisyon ng Pangrehiyong Pagpapaunlad - Resources and Waste Recycling / 6-F No.62)

☆Paalala/ Payo☆  
Maaaring ilabas ang basura hangang 8:00 ng umaga lamang! Sikaping huwag mahuli sa oras!












# Pista Opisyal / Okasyon / Kultura sa Japan (Ipinakikilala sa mga Dayuhan)

## ★Pista Opisyal

Bagong Taon “Gantan”	Enero 1	Pagsalubong sa bagong taon. Ang mga tao ay nagpupunta ng temple at shrine.
Coming of Age Day “Seijin No Hi”	Ika-2 Lunes ng Enero	Pagdiriwang para sa mga magiging adult (edad 20). Ang seremonya ay “Seijin shiki”
National Foundation Day “Kenkoku kinenbi”	Pebrero 11	Pagdiriwang sa pagkakatatag ng bansa.
Kaarawan ng Emperador ”Tenno Tanjobi”	Pebrero 23	Pagdiriwang sa kaarawan ng Emperador.
Spring Equinox Day ”Shunbun no Hi”	Pag nag Tagsibol	Ang araw at gabi ay halos pareho ang haba ng oras (huling linggo ng Marso).
Araw ng Showa “Shōwa no Hi”	Abril 29	Pag-alala sa kasaysayan sa panahon ng Showa (taong 1926~1989).
Anibersaryo ng Konstitusyon “Kenpōkineni”	Mayo 3	Araw na itinatag ang konstitusyon.
Araw ng Kalikasan “Midori no Hi”	Mayo 4	Pasasalamat sa biyayang dulot ng kalikasan.
Araw ng mga Bata “Kodomo no Hi”	Mayo 5	Pagdiriwang para sa paglaki ng mga bata. Kung may lalaki sa bahay, may palamuting “kabuto” bakal na helmet at “koinobori” carp streamers.
Araw ng Karagatan “Umi no Hi”	Hulyo 23	Pasasalamat sa biyayang dulot ng karagatan.
Araw ng Sports	Hulyo 24	Masayang pagdiriwang tungkol sa sports, kalusugan at pagpapahalaga sa ibang tao.
Araw ng Kabundukan “Yama no Hi”	Agosto 11 ※2020 lamang, Agosto 10	Pasasalamat sa biyayang dulot ng kabundukan.
Araw ng nakatatandang mamamayan “Keirō no Hi”	Ika-3 Lunes ng Setyembre	Paggalang at pasasalamat sa mga nakatatandang mamamayan.
Autumn Equinox Day ”Shūbun no Hi”	Pag nag Taglagas	Paggalang at pasasalamat sa mga ninuno.
Araw ng Kultura “Bunka no Hi”	Nobyembre 3	Pagdiriwang upang makilala ang iba’t-ibang kultura.
Labor Day “Kinrōkanshanohi”	Nobyembre 23	Pasasalamat sa mga manggagawa.



## ★Okasyon

<p>Setsubun</p> 	<p>Pebrero 3</p>	<p>Pagdiriwang bago dumating ang tagsibol, naghahagis ng buto para umalis ang masamang espiritu at pumasok ang swerte. Pagkatapos ay kakain ng “roasted beans” katumbas ng edad .</p>
<p>Hinamatsuri</p> 	<p>Marso 3</p>	<p>Pagdiriwang para sa mga batang babae, hangad na sila ay lumaking maganda at malusog . May display na Hina doll “Hina ningyō” pag may babe sa bahay.</p>
<p>Golden Week</p> 	<p>Pista opisyal bago mag Mayo at unang lingo ng Mayo</p>	<p>Pinakamahabang bakasyon ng Tagsibol at karamihan ay namamasyal. Matrapik at maraming tao ang mga pasyalan.</p>
<p>Araw ng mga Ina</p> 	<p>Ikalawang Lunes ng Mayo</p>	<p>Araw ng mga ina. Pulang carnation ang madalas na ibigay sa kanila bilang simbolo ng pasasalamat.</p>
<p>Araw ng mga Ama</p> 	<p>Ikatlong Lunes ng Hunyo</p>	<p>Araw ng pasasalamat sa mga ama.</p>
<p>The Star Festival “Tanabata”</p> 	<p>Hulyo 7</p>	<p>Alamat galing sa Tsina, ang “weaver star” at “cowherd star” ay magtatagpo sa araw na ito. Sa Japan, isinusulat ang nais (wish) sa papel “tanzaku”, isasabit sa sanga ng kawayan at pinaniniwalaang matutupad.</p>
<p>Obon</p> 	<p>Bandang Agosto 15</p>	<p>Pagdawal sa mga ninuno. May 3~5 araw na bakasyon. Karamihan ay namamasyal sa mga kamag-anak o sa iba't-ibang lugar kaya ang transportasyon at pasyalan ay maraming tao.</p>
<p>Silver Week</p> 	<p>Pista opisyal ng Setyembre at mga araw sa pagitan nito</p>	<p>Pinakamahabang bakasyon ng Taglagas. Magkasunod ang pista opisyal kaya karamihan ay naglalakbay at ang pasyalan ay maraming tao.</p>
<p>Huling araw ng taon</p> 	<p>Disyembre 31</p>	<p>Ang mga tao ay kumakain ng “soba” at ang kampana ng templo ay patutunugin ng 108 beses. May kasabihan na sa bawat tunog ng kampana, ang kasakiman ng tao ay mawawala.</p>



## ★Kultura

<p>Hanakin</p> 	<p>Tuwing Biyernes</p>	<p>Tuwing Biyernes, pagkatapos ng trabaho, ang mga “salary men” ay nag-iinuman. Maagang magpareserba dahil ang mga ”omise” ay punuan. Ang salitang ”hanakin” ay bihirang gamitin ng mga kabataan.</p>
<p>Premium Day</p> 	<p>Tuwing huling Biyernes ng buwan</p>	<p>Ipinatupad ng gobyerno taong 2017 na ang trabaho sa araw na ito ay hanggang 15:00 lamang upang magkaroon ng oras sa pamimili, kumain sa labas o magbiyahe. Kung maglilibot sa Minami-ku, hanapin ang mga tindahan ng “Minamiyage” .</p>
<p>Valentine’s Day</p> 	<p>Pebrero 14</p>	<p>Ang mga babae ay nag-iimbitang lumabas o nagbibigay ng tsokolate sa mga lalaki. Ang tsokolateng ibinibigay sa kaibigan ay “tomochocho”, sa crush/boyfriend ay “honmeichoko”, sa ordinaryong kaibigan/kaopisina ay “girichoko” at pag lalaki sa babae ay “gyakuchoko”.</p>
<p>White Day</p> 	<p>Marso 14</p>	<p>Ang mga lalaki ay nagbibigay ng mga “sweets” (marshmallows, cookies o candies), sa babae kapalit ng natanggap na tsokolate ng Valentine’s Day.</p>
<p>Halloween</p> 	<p>Oktubre 31</p>	<p>Sa Japan, hindi lamang ito “Trick or Treat”. Ang bata at matanda ay nagsusuot ng “costume” ng iba’t-ibang anyo at nag-iikot sa mga lugar. Karamihan ay nagsusuot ng kakaiba at nakakatakot na “costume”.</p>
<p>Araw ng mag-asawa “lifufu no Hi”</p> 	<p>Nobyembre 22</p>	<p>Ang 1122 (iifufu) ay base sa pagkakabasa ng bilang na itinakda para sa mag-asawa. Araw para masabi ang damdamin at magdiwang ng magkasama. Marami ang nagpapakasal sa araw na ito.</p>
<p>Pasko</p> 	<p>Disyembre 25</p>	<p>Ang pasko sa Japan ay importante anuman ang relihiyon. Araw na nagsasama-sama ang buong pamilya at mga kaibigan, may salo-salo at pagpapalitan ng regalo. Mabili ang cake at manok sa araw na ito.</p>





# Magkaisa sa Magandang Pamumuhay

Alamin ang 『町内会(Chōnai-kai)』 sa inyong lugar

Ano ang 『Chōnai-kai』 ?

Maari bang maging miyembro ang dayuhan?



Ito ay “asosasyon ng mga residente” na nagtutulungang mapanatili ang kaayusan ng kapaligiran at magandang pamumuhay sa distrito.

Ang pagpapamiyembro ay hindi sapilitan.

Maaari ding maging miyembro ang mga dayuhan. Lahat ng dayuhan ay hinihikayat naming makilahok sa aktibidad asosasyon.

Ano ang mga aktibidad ng 『Chōnai-kai』 ?



- Masasayang pagdiriwang/okasyon para sa mga bata.
- Pagdiriwang tulad ng pista at programa sa sports.
- Mga pagsasanay at paghahanda para sa kalamidad at sakuna.
- Mga aktibidad upang maiwasan ang krimen tulad ng pagbabantay sa pagpasok ng paaralan at pag-uwi ng mga bata at pagpapatrol sa gabi.
- Pagpapaganda ng kapaligiran tulad ng paglilinis at pagtanim ng mga halaman.

Ito ang mga aktibidad na ginagawa ng asosasyon.





May bayad ba ang magpamiyembro?  
Saan gagamitin ang ibinayad ng miyembro?

May bayad ang pagpapamiyembro.

- Ibibili ng **pagkain at kagamitang pang-emergency** pag may sakuna.
- Para sa **pista at pagdiriwang**.
- Para sa **seguridad at maiwasan ang krimen**.

Ito ang mga halimbawa kung paano ginagamit ang pondo.



Ano ang magandang dulot kung maging miyembro ako ng 『Chōnai-kai』 ?



- Madaling **makapagtutulongan** ang bawat isa pag may dumating na sakuna.
- Mapapanatili ang **kaligtasan at mawawala ang krimen**.
- Magiging **malinis ang kapaligiran** at **komportable ang pamumuhay**.
- Makasasali sa **mga pagdiriwang (kasama ang pamilya at kapitbahay, bata man o matanda)**
- Madaling makakakuha ng **ibat-ibang impormasyon tungkol sa pamumuhay sa distrito** sa pamamagitan ng “news letter” at iba pa.



Para sa iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

Dibisyon ng Rehiyong Pagpapaunlad (6-F No.62)

# Nursery / Edukasyon

## ■ Sistema ng Nursery at Edukasyon

Obligasyon ng mga magulang na pag-aralin ang mga anak na Hapon na may edad 6 ~15 (Obligasyong Edukasyon). Ganoon din ang mga dayuhang nakatira sa Japan.

 ... Obligasyong edukasyon

※Edad ng Abril 1

0	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20	21	
Nursery 0 edad ~						Elementarya 6 na taon						Sekondarya 6 na taon					Unibersidad 4 na taon					
Private preparatory (Nursery and Kindergarten) 0 edad ~												Junior high school 3 taon			Senior high school 3 taon		Junior college 2 taon					
Kindergarten 3 edad ~															Vocational/Technical school 5 taon							

**Nursery:** Pasilidad upang makapaghanda bago pumasok sa elementarya. Kung ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho o may sakit at hindi makapag-aalaga ng anak. Ang edad ng batang tatanggapin ay depende sa pasilidad.

**Kindergarten:** para sa mga batang 3 taon upang magkaroon ng kaalaman bago pumasok ng elementarya.

**Private Preparatory:** para sa nursery at kindergarten.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

(Dibisyon ng Suporta sa Bata at Pamilya / 2-F No.25)




☆Paalala / Payo☆

Bumisita at obserbahan ang mga nursery o private preparatory school bago mag-apply.



## ■Suporta ng paaralan

Sa Yokohama, ang elementarya at junior high school ay may 「mga klase at boluntaryong grupo na nagtuturo ng wikang Hapon sa mga batang hindi marunong ng wikang ito」. 「May mga interpreter」 din para sa mga magulang. Ang Yokohama ay may pasilidad 「himawari」 para sa mga bata at magulang na bagong dating sa Japan. May 「School guidance」 din na magpapaliwanag ng sistema ng edukasyon at 「Pre-class」 upang madaling masanay ang mga bata sa paaralan. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa papasukang paaralan.



Para sa pagpasok ng high school, tingnan sa pahina 48



☆Paalala/ Payo☆

Sa elementarya at junior high school sa Japan, iba ang sapatos na “panlabas” at “panloob”. Ang mga magulang ay kailangan ding magdala ng “panloob” na tsinelas tuwing pupunta sa paaralan.

# Bangko

## ■Pagbubukas ng “account” sa bangko

Mga kailangan:

- Pagkakakilanlan (residence card, pasaporte, at iba pa.)
- personal seal

Maaring may iba pang kailangan depende sa bangko, alamin muna bago pumunta.




## ■Personal seal “Inkan”

Sa Japan, ang seal ay kailangan para sa mga papeles sa bangko, ahensya ng gobyerno, trabaho, at iba pa. Ang pangalan ay naka imprenta sa seal at ang presyo ay depende sa disenyo at materyal.



Sa bangko at ahensya ng gobyerno ay bawal gumamit ng personal seal na gawa sa goma o may larawan / simbolo.



# Sakit / Nasaktan

Tingnan sa pahina 46, kung paano tumawag ng ambulansya



## ■ Mga hakbang pagpunta sa ospital

① Ipakita ang insurance card “hokensho” sa tanggapan “uketsuke”



② Sagutin ang medical questionnaire, isulat ang karamdaman at ilagay kung may allergy.  
※Ang ibang ospital ay walang medical questionnaire.



④ Pumasok sa examination room “shinsatsu-shitsu” at sabihin ang nararamdaman sa doktor.



③ Maghintay na tawagin ang pangalan o numero.  
(minsang ay natatagalan depende sa dami ng pasyente)



⑤ Pagkatapos ng pagsusuri, bumalik sa hintayan.



Lugar na maring magpakonsulta kung may sakit o nasaktan tuwing pista opisyal o gabi.

(Lungsod ng Yokohama HP).

<https://www.city.yokohama.lg.jp/kurashi/kenko-iryu/iryu/kyubyo/14248.html>



Kung nais magpunta sa mas malaking ospital, kailangan ng “medical referral”



⑥ Pag tinawag ang pangalan, magbayad at kunin ang (reseta ng gamot “shuhousen”).



⑦ Pumunta sa botika at bilhin ang gamot.





# Kalamidad / Emergency

## ■Lindol

Sa Japan ay maraming lindol. Pag may malakas na lindol, ang mga gusali at daan ay mapipinsala dahil sa malakas na pagyanig at maaaring magkaroon ng (malakas/malaking alon sa dagat “tsunami”). Importanteng alamin ang mga dapat gawin kung ito ay mangyayari.

## ■Pag lumindol

①Maaring may bumagsak na bagay galing sa itaas, pumunta sa ilalim ng mesa upang maprotektahan ang ulo at katawan.

(Kung gumagamit ng apoy), patayin agad.



※Kung sobrang lakas ng lindol, huwag piliting pataying ang kalan, unahing protektahan ang sarili.



Pag huminto ang lindol

②Buksan ang mga bintana at pinto, upang makalabas agad kung lumindol muli.

Mapanganib ang mag-elevator pag may lindol, maaaring makulong sa loob.



③Huwag mataranta at pumunta sa evacuation center “hinanjo”.



## ■Maging handa palagi

①Lagyan ng pangprotekta ang mga aparador na nabibili sa mga DIY shop o home center, para maiwasan ang pag tumba.



②Pag-usapan ng bawat miyembro ng pamilya ang lugar kung saan magkikita at paano matatawagan kung magkakaroon ng emergency.



③Mga kailangan pag may emergency. (tubig, preserved foods, gamot, pang-araw-araw na pangangailangan, importanteng gamit, at iba pa)  
※Maghanda ng pang-tatlong araw (o higit pa) na pangangailangan upang mabuhay.



## ■Lugar ng evacuation center

Pag gumuho ang bahay at hindi na matirahan, magpunta sa evacuation center. Dito ay may mga pagkain / tubig at makakakuha ng mga impormasyon. Alamin ang pinakamalapit na evacuation center sa tirahan.



Para sa Iba pang Impormasyon ⇒ Munisipyo ng Minami-ku

(Dibisyon ng Pangkalahatang Kagawaran / 6-F. No.66)

## ■Bagyo

Hulyo~Oktubre ang panahon ng bagyo. Pag may bagyo,

- ang alon sa dagat ay malakas at maaaring magkaroon ng pagguho (landslide).
- maaaring liparin ang iba't-ibang bagay dahil sa malakas na hangin at ulan.
- ang pampublikong transportasyon ay maaaring maantala o makansela.

Pag may darating na bagyo, alamin ang balita sa TV o internet. Manatili sa bahay dahil mapanganib ang malakas na ulan at hangin sa labas, huwag ding lumapit sa dagat o ilog kung malakas ang agos.



## ■Krimen, Aksidente

Kung nabiktima ng krimen (nanakawan, karahasan, at iba pa), aksidente sa daan, tumawag sa pulis.



Sa telepono **110**,  
ang numero ng pulis.

## ■Sa mga nawalang gamit

Sa Japan, maraming istasyon ng pulis “koban”. I-report kung may nawalang gamit, sila ay makikipag-ugnayan sa inyo pag ito ay naibalik. Pag may napulot na bagay, ibigay sa malapit na istasyon ng pulis.

☆Paalala/Payo☆

Kung nawala ang cellphone at naibalik,  
magpasalamat ng taos puso sa nakapulot.





## ■Sunog

Sa Japan ang mga gusali ay magkakalapit, at karamihan ng mga bahay ay gawa sa kahoy kaya mabilis kumalat at lumaki ang apoy. At sa panahon ng taglamig, ang hangin ay tuyo kaya madalas ang sunog.

①Sumigaw ng “SUNOG!” at ipaalam sa iba na may panganib.



②Patayin ng tubig o fire extinguisher ang apoy. Kung hindi namatay ang apoy, lumayo agad.



③Tumawag sa 119 para sa bumbero.



## ■Emergency (nasaktan o may sakit)

Kung kinakailangan na ng “ambulansya” dahil sa sakit o nasaktan, tumawag sa 119. Ang ambulansya ay libre.



★Pag tumawag sa 119, (magtatanong kung)

①Sunog? “Kaji” o Emergency “Kinkyu”?

②Tirahan (palatandaan “landmark”: malaking tindahan, parke, interseksyon), pangalan, telepono.

③Anong nangyayari: Nasusunog ang bahay, may hinimatay (nag-collapse), masakit ang tiyan at iba pa.

Huwag mataranta, kumalma at sagutin ng maayos ang mga katanungan.

Bumbero / Ambulansya,  
tumawag sa  
numero 119

# Konsultasyon para sa mga Dayuhan

## ■ Minami Lounge (Aktibidad ng mamamayan ng Minami at Iba't-ibang Kultura)

Ang lounge ay nagbibigay ng impormasyon at konsultasyon (iba't-ibang wika) tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay. May mga boluntaryong klase at suporta sa pag-aaral ng wikang hapon at may pagdiriwang din upang magkahalubilo ang mga dayuhan at mga Hapon. Kung may katanungan o 「problema」 tungkol sa pamumuhay sa Japan, komunsulta sa amin. ※ Ang konsultasyon ay walang bayad.

TEL (wikang hapon) 045 - 232 - 9544 (dayuhang wika) 045 - 242 - 0888

Bukas na Araw at Oras: LUNES~LINGGO (kabilang ang pista opisyal), 9:00 ~17:00.


※ Saradong Araw: Ika-3 LUNES ng Buwan at mula Disyembre 29~Enero 3

Home Page <http://tabunka.minamilounge.com/>

10-F Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu Bldg. 3-46 Urafune-cho Minami-ku Yokohama-shi, 232-0024



Hapon o dayuhan,  
huwag mag-atubiling lumapit sa amin!



**Kailangan namin ang iyong kaalaman.**

Interesado ka bang maging interpreter ng sariling wika, magbigay ng suporta at ipakilala ang kultura ng bansa? Inaanyayahan ka naming maki-isa sa amin!

## Konsultasyon (ibat-ibang wika)

Nagbibigay kami ng mga impormasyon at suporta (iba't-ibang wika) tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay sa Japan.

Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Intsik	Intsik	Intsik Ingles	Intsik Thai	Intsik <b>Tagalog</b>	Intsik	Intsik

## Libreng konsultasyon na may interpreter

Konsultasyon sa mga eksperto tulad ng abogado, nagnonotaryo, at institusyon ng edukasyon. Tumawag sa **TEL 045-232-9544** para sa reserbasyon kung kailangan ng interpreter.

Legal na Konsultasyon	Diborsiyo, karapatan sa anak, pagiging magulang, pagpapakasal, pagmamana ng ari-arian, aksidente at iba pa.	Ika-2 Huwebes ng Buwan 13:30~15:30
Pagtira sa Japan	Pagkakamit at pagpapalit ng nasyonalidad, ekstensyon ng paninirahan, pag-imbita o pagkuha sa kamag-anak, pagtatayo ng kompanya.	Ika-3 Huwebes ng Buwan 13:30~15:30
Edukasyon	Kalagayan ng bata sa paaralan, panunukso o pambubuli, at payo sa pagpasok sa paaralan	Ika-4 Huwebes ng Buwan 13:30~15:30

## Pag-aaral ng wikang hapon

May mga klase para sa pag-aaral ng wikang hapon sa mga kalapit na lugar ng Minami. May mga boluntaryong klase rin sa lounge para sa mga nais mag-aral ng wikang ito.

Martes	Minami V Club	10:30~12:00 500 yen - isang beses lamang
Huwebes	Tomo Minami Nihongo Kyoushitsu	10:30~12:00 500 yen / 3 buwan
Biyernes	YM Nihongo②	13:00~14:30 100 yen / buwan
Sabado	Tanoshii Nihongo No Kai	13:00~15:00 500 yen / buwan
Linggo	Ai♥Nihongo Club	13:30~15:00 500 yen / 6 buwan

**【Tadoku Time】** Tuwing Linggo 12:15~13:15

Sa klaseng ito ay maaaring magbasa ng mga simpleng libro at matuto ng wikang hapon sa natural na paraan. Hindi kailangan ng reserbasyon. Ang mga bata o nakatatanda ay maaaring mag-aral.







Iba pang Institusyon na may konsultasyon na nakasalin sa iba't-ibang wika  
Ang institusyon na may ☆ ay may iba pang araw ng konsultasyon na nakasalin sa iba't-ibang wika.  
Tingnan sa HP URL ng mga institusyon ang araw ng konsultasyon ayon sa wika.

## Problema sa Trabaho

### ◆Kanagawa Employment Center☆

2 - F, Kanagawa Roudo Plaza 1- 4 Kotobukicho Naka-ku  
Intsik (Biyernes 13:00~16:00 TEL 045-662-1103)

### ◆Kanagawa Labor Standards Bureau, Inspection Division for Foreign Workers Consultation Corner ☆

8 - F Yokohama No. 2 Joint Government Office Bldg., 5 - 57 Kita-nakadori, Naka-ku  
TEL 045-211-7351 Ingles (Lunes 9:00~12: 00, 13: 00~16: 00)

## Naghahanap ng Trabaho

### ◆Hello Work Yokohama Foreigner Employment Service Corner ☆

Teisan Kannai Bldg., 209 Yamashitacho Naka-ku TEL 045-663-8609  
Ingles (Lunes, Huwebes - kung pista opisyal ang Lunes)  
Intsik (Martes) 9:00~12:00, 13:00~16:00

## Naghahanap ng Tirahan

### ◆Kanagawa Foreign Resident Support Center

TEL 045-228-1752 Lunes~Biyernes 10:00~17:00  
※ 11 na wika kasama ang Ingles (Ang wika ay iba-iba depende sa araw)  
2 - F Yokohama YMCA 1 - 7 <http://sumasen.com/>



## Karahasan mula sa asawa o partner (DV konsultasyon para sa kababaihan)

### ◆Kanagawa Prefecture Spousal Violence Counseling & Support Center

TEL 090-8002-2949 Lunes~Sabado 10:00~17:00  
※ 8 wika kasama ang Tagalog

## Impormasyon sa iba pang bagay na nais ikonsulta

### ◆Tangengo Navi Kanagawa

TEL 045-316-2770 Ordinaryong araw (Lunes~Biyernes) 9:00~12:00, 13:00~17:15  
※ 11 na wika kasama ang Tagalog. (Ang wika ay iba-iba depende sa araw)  
<http://www.kifjp.org/kmlc>



# Listahan ng mga Pangunahing Pasilidad

Paalala! Kung hindi marunong ng wikang hapon, magpatulong sa taong marunong ng wikang ito.

Pasilidad	Telepono	Lokasyon
-----------	----------	----------

## Pampublikong Institusyon



Munisipyo ng Minami-ku	045-341-1212	2 - 33 Urafune-cho
Tagapamahala ng Kamiooka Station	045-848-0171	B - 1 Kamiooka station, 1 - 9 Kamiooka-nishi Konan-ku
Tagapamahala ng Yokohama Station	045-453-2525	2 - 25 - 5 Takashimacho Nishi-ku
Munisipyo ng Yokohama	045-671-2121	1 - 1 Minatocho Naka-ku
Tanggapan ng Buwis ng Yokohama Minami	045-789-3731	3 - 2 - 9 Namiki Kanazawa-ku
Hello Work Yokohama	045-663-8609	Teisan Kannai Building 209 Yamashitacho Naka-ku
Tanggapan ng Pamantayan ng Trabaho ng Yokohama Minami	045-211-7373	Yokohama No. 2 Joint Government Office Building 5 - 57 Kitanakadori Naka-ku
Yokohama Minami Post Office	0570-032-443	1 - 1 Idogaya Kamicho
Center para sa Pasaporte	045-222-0022	2 - F Industry and Trade Center 2 Yamashita cho Naka-ku
Tanggapan ng Pensyon ng Yokohama Minami	045-742-5511	2 - 51 Shukucho
Korte ng Lungsod ng Yokohama	045-345-4103	9 Nihon Odori Naka-ku
Korte ng Usaping Pampamilya ng Yokohama		1 - 2 Kotobukicho Naka-ku
-Tungkol sa pamilya	045-345-3463	
-Tungkol sa pagpapalaki ng bata	045-345-8001	
Kawanihan ng Usaping Legal ng Yokohama	045-641-7461	Yokohama No. 2 Joint Government Office 5 - 57 Kitanakadori Naka-ku

## Bureau ng Imigrasyon (Tanggapan)



Bureau ng Imigrasyon ng Yokohama Para sa impormasyon	0570-013-904	10 - 7 Torihamacho Kanazawa-ku
Consultation Center para sa mga Dayuhan	03-3202-5535	2-44-1 Kabuki-cho, Shinjuku Tokyo



## Istasyon ng Pulis at Bumbero



Istasyon ng Pulis ng Minami	045-742-0110	2 - 31 - 4 Ooka
Istasyon ng Bumbero ng Minami	045-253-0119	Minami Ward Office 2 - 33 Urafunecho

## Suplay ng Tubig



Kawanihan ng Suplay ng Tubig - Nakamura	045-847-6262	4 - 305 Nakamuracho
---	--------------	---------------------

## Malalaking Basura



Tagapamahala ng Malalaking Basura	Direktang Telepono 0570-200-530 Mobile 045-330-3953
-----------------------------------	--

## Pasilidad para sa Kultura



Minamin (Pamublikong Lugar ng Minami)	045-341-1261	4 - F Minami Ward 2-33 Urafune-cho
Minami Lounge (Aktibidad ng mamamayan ng Minami at Iba't-ibang Kultura)	Wikang hapon 045-232-9544 Dayuhang wika 045-242-0888	10-F Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu Bldg. 3-46 Urafunecho
Yoshinocho Civic Plaza	045-243-9261	5 - 26 Yoshino cho

## Chiku Center



Minami Chiku Center	045-741-8812	2 - 32 - 1 Minamiota
Ooka Chiku Center	045-743-2411	1 - 14 - 1 Ōoka
Nagata Chiku Center	045-714-9751	45 - 1 Nagatadai
Nakamura Chiku Center	045-251-0130	4 - 270 Nakamuracho

## Community House (Pang-komunidad na Tahanan)



Maita Community House	045-711-3377	3 - 57 - 1 Shuku cho
Mutsukawadai Community House	045-716-5688	3 - 65 - 9 Mutsukawa
Nagatadai Community House	045-721-0730	6 - 1 Nagata Minami Dai
Mutsumi Community House	045-741-9436	1 - 25 Mutsumichō
Urafune Community House	045-243-2496	10 - F Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu Bldg. 3 - 46 Urafunecho
Mutsukawa 1-Chome Community House	045-721-8801	1 - 267 - 1 Mutsukawa
Bessho Community House	045-721-8050	3 - 4 - 1 Bessho

## Pasilidad para sa Sports



Minami Sports Center	045-743-6341	1 - 1 Ōoka
Mutsukawa Sports Hall	045-713-4803	2 - 112 -1 Mutsukawa
Shimizugaoka Park Gymnasium	045-243-4447	87 - 2 Shimizugaoka

## Silid-aklatan



Silid-aklatan ng Minami	045-715-7200	265 - 1 Gumyōji-chō
-------------------------	--------------	---------------------

## Log House



Nagata Minamidai Children's Park Loghouse	045-742-1169	4 Nagataminamidai
---	--------------	-------------------

## Botanikal na Hardin



Botanikal na Hardin ng mga Bata	045-741-1015	3 - 122 Mutsukawa
---------------------------------	--------------	-------------------

## Care Plaza (Paalagaan)



Urafune Area Care Plaza	045-261-3315	3 - 46 Urafunechō
Ōoka Area Care Plaza	045-743-6102	1 - 14 - 1 Ōoka
Shimizugaoka Area Care Plaza	045-253-0071	49 Shimizugaoka
Nagata Area Care Plaza	045-711-8611	2 - 16 - 31 Nagata Minami
Mutsukawa Area Care Plaza	045-716-0680	2 - 3 - 211 Mutsukawa
Nakamura Area Care Plaza	045-260-5100	2 - 120 - 3 Nakamura-chō
Mutsumi Area Care PLaza	045-730-5151	1 - 31 - 1 Mutsumi-chō
Nursing Home para sa Matatanda	045-742-0625	5 - 13 - 15 Ōoka

## Iba pa



Pantay na Kasarian Center Yokohama Minami	045-714-5911	1 - 7 - 20 Minamiōta
Yokohama Youth "Kabataan" Center	045-711-9610	1 - 15 -15 Mutsumichō
Suporta para sa Pagpapalaki ng Bata sa Rehiyon ng Minami 「Hagu-Hagu no Ki」	045-715-3728	158 Karumu I, 2 F Gumyouji-cho

Ang booklet na ito ay ginawa at isinalin sa iba't-ibang wika sa kooperasyon at pagtutulungan ng mga hapon at dayuhang volunteers ng Minami.

### Nag-edit

Munisipyo ng Minami-ku

Minami Lounge (Aktibidad ng mamamayan ng Minami at Iba't-ibang Kultura)

### Nagtulungan sa Pagsasalin ng Wika

Mariko Sawaki (澤木 麻利子)

Kiyoka Yamazaki (山崎 清香)

Brianna Cole (ブリアナ コール)

Yang Kejian (杨克俭)

Jia Wenying (贾稳英)

Wang Qinghong (王庆红)

Koh Kyungsun (高京善)

Kim Jungsoon (金正順)

Lee Jeongsuk (李貞淑)

Esther Michiwake (道訳 エスター)

Alena Kujime (久次米 アレナ)

Rose Romero (ロメロ ローズ)

### Iba pang mga Tumulong

Yokohama International Bureau

Yokohama City Board of Education Secretariat

Yokohama City Citizens Bureau

YOKE Information • Consultation Corner

Naka International Lounge

Tsurumi International Lounge

### Petsa ng Paglathala

Setyembre, 2019 (ikalawang edisyon)

### Naglathala

Yokohama City Minami Ward Office Administration Promotion Division

2-33 Urafune cho Minami-ku Yokohama-shi

TEL 045-341-1232 FAX 045-341-1240



